


Filipino

Ikatlong Markahan-Modyul 5: Maikling Kwento mula sa East Africa (Panitikan ng Africa at Persia)



Filipino– Baitang 10
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan– Modyul 5: Maikling Kwento mula sa East Africa (Panitikang Africa at Persia)
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Wilma S. Gonzales	Rowena R. Abad
Editor:	Elsa M. Calado	Genevieve B. Ugay
	Bernardo T. Rombawa	
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega	Editha T. Giron
	Gina A. Amoyen	Edmundo A. Bisquera
Tagaguhit:	Mardee Isabel B. Olivar	Dustin G. Calderon
Tagalapat:	Crisanto P. Uberita	Mary Ann L. Cabilan
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino	Rowena C. Banzon
	Arlene A. Niro	Agnes B. Cacap
	Gina A. Amoyen	Genevieve B. Ugay
	Editha T. Giron	Bernardo T. Rombawa

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Ikatlong Markahan–Modyul 5:
Maikling Kwento mula sa East Africa
(Panitikan ng Africa at Persia)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Masiglang araw sa iyo mahal kong mag-aaral! Ikinalulugod kong matagumpay mong napag-aralan ang mito, anekdota, sanaysay, at epiko. Ngayon, ang bibigyan naman natin ng pansin ay ang maikling kuwento.

Ang **Modyul 5** ay tatalakay tungkol sa maikling kuwentong “Ang Alaga” na sinulat ni Barbara Kimenye, isinalin sa Filipino ni Prof. Magdalena O. Jocson. Sa akdang ito, mababasa ang usaping pagmamahal na ipinagkaloob ng isang tao sa kaniyang alaga. Kalakip din ng aralin ang pagtalakay sa mga salitang nagsasaad ng paghihinuha at paglalahad para lalong maunawaan ang tatalakaying paksa.

Aalamin natin kung paano nakatutulong ang maikling kuwento sa pagkakaroon ng kamalayan sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan. Gayundin, kung bakit mahalagang maunawaan ang salita o pahayag na naglalahad ng opinyon.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng isang patalastas na pasulat batay sa sumusunod na pamantayan: a.) makatotohanan b.) masining c.) sapat na kaalaman sa paksa at d.) maayos na paglalahad.

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod:

Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan. **(F10PN-IIIId-e-79)**
2. Naipahahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa sarili, panlipunan at pandaigdig. **(F10PS-IIIId-e-81)**
3. Naibibigay ang katumbas na salita ng ilang salita sa akda (analohiya). **(F10PT-IIIIf-g-80)**



Subukin

Bago tayo dumako sa ating talakayan tungkol sa maikling kuwento, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya upang malaman ang iyong inisyal na kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin.

PAUNANG PAGTATAYA

PANUTO: Basahin at suriing mabuti ang bawat tanong sa ibaba. Pagkatapos, isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay katangian ng maikling kuwento maliban sa isa.
A. may sukat at tugma
B. may mga tauhan
C. may banghay
D. may tunggalian
 2. Taglay ng maikling kuwento ang pagkakaroon ng kawilihan hanggang sa kasukdulan na agad na susundan ng _____.
A. wakas B. kakalasan C. kasukdulan D. suliranin
 3. Ang may alaga sa kuwento ay mapagkakatiwalaang kawani ng gobyerno sa _____.
A. Lamboha Headquarters
B. Holani Headquarters
C. Golan Headquarters
D. Ggogombola Headquarters
 4. Ang biik na regalo sa tauhan ay nagmula sa _____.
A. kaibigan B. Farm School C. Sagradong Puno D. kapatid
 5. Anong pagsasaad ng opinyon ang angkop at pupuno sa pangungusap na, “_____, mas mainam na manatili sa loob ng bahay kung hindi naman gaanong mahalaga ang lalakaran sa labas sa mga panahong ito ng pandemya ng Covid 19.”
A. Makinig kayo
B. Sa palagay ko
C. Huwag
D. Pinapangunahan niya
 6. Nakaranas ng trahedyang pangunahing tauhan kasama ang alagang baboy dahil sa pagkakasagasa sa kanila ng isang _____.
A. trak B. dyip C. motorsiklo D. traysikel
 7. Sa trahedyang naganap ang alaga ay _____.
A. nabuhay
B. nag-iba ng anyo
C. namatay at nabuhay muli
D. namatay
 8. Ang sumusunod ay mga salitang nagsasaad ng opinyon maliban sa _____.
A. maaaring
B. magmadali ka
C. sa tingin ko
D. batay sa aking paniniwala
 9. Ano ang naramdaman ng pangunahing tauhan nang malaman ang nangyari sa alaga?
A. namangha B. natuwa C. nasabik na makapiling muli D. nalungkot
 10. Kompletuhin ang pahayag. “Natatawa siya sa sarili at alam na hindi na siya _____ tuwing hapon at sa halip makatutulong na siya nang maayos”.
A. maglalakad B. aawit C. sasakay D. mag-aalala
- Mahusay! Sa simula pa lamang ay pinahanga mo na ako sa ipinakita mong kagalingan sa pagsagot.*

Aralin**5.1****Maikling Kwento mula sa East
Africa
Panitikan: Ang Alaga****Balikan**

Ngayon nama'y ating balikan ang natutuhan mo sa unang markahan patungkol sa maikling kuwento.

Gawain 1: Masaya o Malungkot?

Panuto: Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang pahayag ay may kaugnayan sa maikling kuwento at malungkot na mukha ☹ kung walang kaugnayan. Isulat ito sa sagutang papel.

- 1. may mga kabanata
- 2. maaaring pormal at di pormal
- 3. banghay
- 4. wakas
- 5. suliranin
- 6. simula
- 7. naglalahad ng mahahalagang kaisipan
- 8. tunggalian
- 9. mga tauhan
- 10. kasukdulan

Panuto: Sumulat ng isang pangungusap na naglalarawan tungkol sa maikling kuwento. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang maikling kuwento ay _____

Mahusay! Iyong pinatunayan na hindi ka pa rin nakalilimot sa mga pinag-aralan mo tungkol sa maikling kuwento. Dahil diyan natitiyak kong magiging madali na lamang sa iyo ang mga kasunod na gawain.



Tuklasin

Palapit na nang palapit ang pagbasa mo sa ating paksa, pero bago iyan muling masusubukan ang iyong galing sa pagsagot sa sumusunod na mga pagsasanay sa ibaba. Alam kong kayang-kaya mo ito.

Gawain 1: Palagay Mo, Ilahad Mo!

1. Piliin ang mga hudyat na salita na nagpapahayag ng opinyon sa ibaba. Isulat ang mga napiling salita/ sa sagutang papel.

ayon sa/kay	sa tingin ko	tunay na
naniniwala akong...	batay sa/kay	sa aking palagay
maliban sa...	kung ako ang tatanungin	

2. Bakit kaya mahalagang alamin ang angkop na salitang gagamitin sa paglalahad ng opinyon?

Ipaliwanag. _____

Gawain 2. Magsuri at Magpasya!

Panuto: Suriin ang mga pangungusap sa ibaba at iguhit sa unang hanay ang (✓) kung ikaw ay SANG-AYON at (X) naman kung DI-SANG-AYON sa mababasang pahayag sa akda. Pagkatapos mabasa ang akda, balikan ang ikatlong kolum at lagyan ng 😊 ang katapat na pahayag kung wasto ang iyong hinuha. Isagawa ito sa sagutang papel.

Sang-ayon o Di-sang-ayon	Pahayag	Wasto o Mali
	Buong giliw pa ring pinakikinggan si Kibuka nang minsang dumalaw sa dati nitong kumpanyang pinagtatrabahuan.	
	Biik na puti ang pasalubong ng paboritong apo ni Kibuka sa kaniya.	
	Kinagigiliwan ni Kibuka sampu ng kanyang mga kapitbahay ang biik.	
	Sa naganap na aksidente, tanging ang alagang biik ni Kibuka ang nakaligtas.	
	May kakaibang kapangyarihan ang alaga ni Kibuka.	
	Ipinagdiwang ng buong kapitbahay ang pagkabuhay ng biik.	
	Ang tanging interes ni Yosefu ay ang mga detalyeng naganap sa aksidente.	

Ang iyong dating kaalaman sa maikling kuwento at sa mga salitang nagpapahayag ng opinyon ay mas lalawak pa sa pagpapatuloy ng aralin. Makatutulong ang pagbasa sa akda upang lubos mong maunawaan ang tungkol dito.

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento upang malaman kung paano nakatutulong ang maikling kuwento sa pagkakaroon ng kamalayan sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan.

Paalala: Sa tuwing may makikitang tanong sa kalagitnaan ng teksto, bahagyang tumigil muna sa pagbabasa at sagutin sa iyong sagutang papel ang mga tanong para matiyak ang iyong pang-unawa sa mga detalye ng kuwento.

Ang Alaga

ni Barbara Kimenye

Isinalin sa Filipino ni Prof. Magdalena O. Jocson



Naniniwala si Kibuka na hindi para sa kaniya ang pagreretiro. Isa siyang mapagkakatiwalaang kawani sa Ggogombola Headquarters. Hanggang isang araw, may pinapunta mula sa Komisyon ng Serbisyo Publiko sa kanilang tanggapan upang alamin kung sino ang mga kawaning dapat nang magretiro.

Ang sumunod na pangyayari sa likod ng maitim na kulay ng kaniyang buhok, may pensiyon na siya, may Sertipiko ng Serbisyo, at wala nang trabaho.

Sa pagkakaretiro niya, nag-aalala pa rin siya kung paano ginagawa sa kasalukuyan ang dati niyang trabaho.

Minsan, ipinatawag siya sa dati niyang tanggapan upang tingnan kung kailangan ng kaniyang kapalit ang payo at tulong.

Hindi siya makapaniwala sa nadatnan niyang makalat na mga papeles at napatunayan niya ang kawalan ng kaayusan. Sa buong paligid ng tanggapan, nagkalat din ang iba't ibang papeles, maging ang mga kompidensiyal na papeles na hindi dapat makita ng kung sino-sino ay nababasa na ng lahat.

Sa ganitong sitwasyon, tila walang pakialam ang kaniyang kapalit. Mas binibigyang-pansin pa nito ang pakikipag-usap sa telepono habang napaliligiran ng ilang babae. Hindi naging maganda ang pagpunta niya sa dating tanggapan. Maging ang dati niyang mga kasamahan ay hindi na interesado sa sinasabi ni Kibuka.

Ngayon, gugugulin niya ang kaniyang buhay sa maliit niyang dampa sa tabi ng ilog sa Kalansanda na maraming muling babalikan ngunit hindi gaano sa kaniyang haharapin. Nagkataon pa na ang matalik niyang kaibigan na si Yosefu Mukasa ay nasa Buddu Country para sa pagnenegosyo. Naiisip ni Kibuka na kaawa-awa na siya at mabuting mamatay na lamang. Paulit-ulit niya itong naiisip habang nag-iinit ng tubig para sa iinuming tsa. Sa ganoong sitwasyon, nakarinig siya ng tunog ng paparating na kotse. Sabik niyang tinungo ang pinto ng bahay upang alamin kung sino ang dumating. Siya ang pinakamatanda sa kaniyang mga apo, mataas, payat, at kaboses niya.

Masayang-masaya si Kibuka habang nanginginig na niyakap ang apo. “Lolo, sandali lang po ako. Hindi po ako magtatagal. Tiningnan ko lamang po ang katayuan ninyo at dinalhan ko po kayo ng pasalubong.”

Tanong 1. Ano kaya ang sorpresang handog ng apo kay Kibuka? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel at ipagpatuloy muli ang iyong pagbabasa.

“Napakabuti mo, aking apo. Ang biglang pagbisita mo at may pasalubong pa ay lubha kong ikinatuwa.” Dahil dito, nabaligtad na lahat ang naiisip niyang hindi magaganda tungkol sa buhay, puno na siya ng kapanabikan. “Isang biik ang pasalubong ko po sa inyo mula sa Farm School. Hindi na siya mapakain doon at naisip ko na baka gusto ninyong mag-alaga nito.”

Kinuha ng apo ni Kibuka ang itim na biik. Tuwang-tuwa si Kibuka. Ngayon lang siya nakakita ng napakaliit na biik. Sampung minuto ang ginugol niya para tingnan ang kabuuan ng biik: ang mapupungay na mata, mga kuko sa paa, at pagwagwag ng buntot. Masayang nagpaalam si Kibuka sa apo at habang kumakaway siya rito, sumisiksik naman sa kaniyang dibdib ang biik. Sinabi niya sa apo na dadalhin niya sa Markansas ang biik at kakausapin si Miriami na ihanda ang biik bilang espesyal na pagkain sa hapunan para sa pag-uwi ni Yosefu.

Nagdalawang-isip si Kibuka para sa planong gagawin sa biik sapagkat sunod nang sunod ang biik at bawat pag-upo niya laging nasa paanan niya ito. Hindi ito umaalis sa tabi niya. Parang taong nakikinig sa bawat sasabihin ni Kibuka.

Pagdating ng gabi, biglang maiisip ni Kibuka na pakainin ang biik ng tirang pagkain sa sarili niyang pinggan, bukod pa sa talagang kinakain niyon. Pagkalipas ng ilang araw, lumalaki na ang biik, malakas nang kumain at kailangang manguha ng matoke si Kibuka sa mga kaibigan at kapitbahay.

Tanong 2. Sa palagay mo, ano kaya ang gagawin ng mga kapitbahay ni Kibuka nang malamang may inaalagan itong biik? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nalaman na sa buong Kabzanda na may alagang baboy si Kibuka. Mula noon, hindi na nagbabahay-bahay si Kibuka upang manguha ng matoke para sa alaga niyang baboy sapagkat ang mga babae at bata na nag-iigib ng tubig na malapit sa bahay ni Kibuka ang nagdadala na ng mga matoke. Nagiging dahilan iyon upang makita at makipaglaro sila sa alagang baboy ni Kibuka. Para na nilang kamag-anak ito na sinusundan at inaalang ang paglaki nito.

Ito lamang ang baboy na napakalinis dahil naaalagaan ito nang maayos. Dahil dito, pinapayagan ni Kibuka na matulog ito sa kaniyang paanan bagaman ingat na ingat siya na malaman ito ng kaniyang mga kapitbahay. Naging mabilis ang paglaki ng alagang baboy. Lumaki ito sa maayos na kapaligiran at higit sa lahat, napamahal na iyon kay Kibuka.

Tanong 3. Mananatili kaya ang pagkagiliw ni Kibuka sa kaniyang alaga? Bakit? Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Sa paglipas ng mga linggo, habang lumalaki ang alagang baboy, maraming problema ang dumarating. Halimbawa, kailangan na nang mas maraming pagkain at hindi naman ganoon karami ang makukuha sa mga kapitbahay kaya kapag wala nang makain ang baboy, pupunta ito sa shamba ng mga kapitbahay at kakainin ang tanim na mga gulay at kape. Maging si Kibuka ay naninimot sa sarili niyang mga pagkain maibigay lamang sa alagang baboy.

Hindi na rin gusto ni Kibuka na natutulog sa kaniyang paanan ang alagang baboy gaya noong biik pa lamang ito. Ngayon, napakalakas niyang maghilik na nakapagpapapuyat kay Kibuka. Isang mabigat na desisyon na hindi na magtatagal ay ilalabas na niya ang alagang baboy at itatali na lamang sa puno.

Kung sino kaya ang magdurusa, si Kibuka o kaniyang alagang baboy ay mahirap na sagutin. Walang malayang alagang baboy at si Kibuka lamang ang makapagsasabi.

Sa araw, malayang nakagagala pa ang baboy, bagaman laging nahuhulog sa ilog.

Hindi tiyak ang lalim ng ilog sa Kalansanda. Karaniwang naliligo o nagtatampisaw ang mga taga-Kalansanda sa nasabing ilog. Minsan, kapag umuulan, malakas ang agos ng tubig na maaaring madala nito ang isang bata. Ibig na ibig ng alagang baboy na magtampisaw rito. Naglalaro sa imahinasyon ni Kibuka na baka paglaruan ang alagang baboy ng mga batang naglalaro na maaaring hulihin at dalhin sa gitna ng ilog at lunurin ang baboy.

Para hindi ito mangyari, tuwing magdidilim na, pinapasyal niya ang alagang baboy na kinasanayan nang makita ng mga taga-Kalansanda at tanging hindi mga tagaroon ang tila nagugulat sa ginagawa niyang pagpasyal sa alagang baboy habang may tali ito. Naging magandang ehersisyo ito ni Kibuka dahil sa pananakit ng kaniyang mga kalyo na sa bawat hakbang niya upang masiyahan ang alagang baboy ay katumbas naman ng labis na sakit ang dulot sa kaniya na halos ikaiyak niya. Sinabi niya kay Daudi Kulubya na nagmamalasakit sa papilay-pilay niyang lakad na nasisiyahan naman siya sa ginagawa niya sa alagang baboy. Masaya siyang uuwi at ibababad ang mga paa sa isang palanggana ng mainit na tubig ng isang oras. Hindi na niya iisipin ang pananakit ng kaniyang mga kalyo.

Tanong 4. Anong kapalaran ang naghihintay kina Kibuka at sa kaniyang alagang baboy? May magaganap kayang malaking trahedyang? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Gaano pa katagal ang ganitong sitwasyon? May mga pagkakataon na kinakausap ni Kibuka ang ilang kilala niyang bumibili ng alaga niyang baboy. Ngunit ang pagmamahal sa alagang baboy ang namamayani kay Kibuka kaya hindi niya ito maipagbibili dahil para na rin itong pagtataksil sa alaga.

Isang araw, habang papunta si Kibuka sa Sagradong Puno at habang naghahalukay sa kumpol ng mga sanga ang alagang baboy, isang di inaasahang pangyayari ang naganap. Si Kibuka, ang alagang baboy, at ang drayber ng isang motorsiklo ay tumilapon sa iba't ibang direksiyon. Nasagasaan sina Kibuka at alagang baboy ng isang motorsiklo. Nang magkamalay na siya, natuwa siya sapagkat buo pa rin ang kaniyang katawan maliban sa isang balikat na sumasakit at dugo sa mga kamay niya. Nakilala niya ang drayber na si Nathaniel Kiggundu na tila hindi naman gaanong nasaktan. Inalis niya ang mga damong nakatabon sa kaniyang mukha at makikita ang mahabang punit ng pantalon sa tapat ng isa sa kaniyang tuhod.

Mula sa kung saan, narinig nila ang napakalakas na iyak ng alagang baboy ni Kibuka at doon nagpunta ang dalawang lalaki. Pagdating nila, ay umiiyak ang baboy dahil sa pagkakaipit ng leeg nito at namatay na. Totoong nakasama kay Kibuka ang aksidente na nag-iwan sa kaniya ng kondisyong walang katiyakan.

Habang nakaupo siya sa tabi ng namatay na alagang hayop, iniisip niya ang kasunod na mga pangyayari. Marami nang taong nag-uusyoso, titingnan si Kibuka at namatay na alagang hayop at pagkatapos ang motorsiklo naman ang kanilang titingnan. Dumating si Musisi, ang Hepe ng Ggogombola. Kinuha ang pahayag ni Kiggundu at pagkatapos nilapitan si Kibuka at pinipilit na isakay sa kaniyang sasakyan upang iuwi sa bahay niya.

“Sir, mukhang hindi pa maganda ang lagay ninyo, bukas na lang kayo kukunan ng pahayag. Magpahinga muna kayo.”

“Pero hindi ko maaaring iwanan ang namatay kong alagang baboy.”

“Maaari po nating ilagay sa likod ng aking sasakyan kung ibig po ninyo. Mas mabuti sana kung puputol-putulin na ito ng matadero dahil hindi na ito maaaring magtagal sa klase ng klima ngayon.”

Kailanman ay hindi pumasok sa isipan ni Kibuka na kainin ang alagang hayop. Iniisip niya kung saang bahagi ng shamba ililibing ang alagang hayop. Sinabi niya na ang pagkain ng isang napamahal na alaga ay isang barbarong gawain. Naiisip niya na naghuhukay na siya ng paglilibingan ng alaga. Natitiyak niyang hindi siya tutulungan ng mga taga-kalsada na gawin ito. Sa bandang huli, naisip niya na bakit hindi magkaroon ng bahagi ang kaniyang mga kapitbahay sa namatay niyang alaga. Sila naman ang nagpakain sa nasabing alaga.

Dinala sa Ggogombola Headquarters ang nasabing alaga ni Kibuka at ipahahati-hati ito sa askaris na naroon. Sinuman ang may gustong kumain ng baboy ay pumunta roon bago mag-ikapito ng gabi, ayon kay Musisi na siya nang nag-asikaso sa namatay na baboy.

Sa pagbalik ni Kibuka sa kaniyang tahanan, ginamot niya ang kaniyang balik ng gamot na karaniwang ginagamit niya sa anumang sakit na nararanasan niya. Umupo sandali habang umiinom ng tsa. Maaga siyang natulog at nagising sa magandang sikat ng araw. Nasabi niya sa kaniyang sarili na ito ang pinakamaganda niyang pagtulog at nasiyahan siya pagkatapos ng maraming buwan na nagdaan. Dumating si Musisi habang papaalis na si Kibuka upang tingnan kung ang pata ng alaga niyang baboy ay nadala kay Yosefu at Miriamu.

“Hindi pa, Sir, ngayon ko pa lamang dadalhin doon, ibig ba ninyong sumabay na sa akin pagpunta roon?”

Pumayag si Kibuka na makisabay. Tinanggihan naman niya ang laman ng baboy na dinala sa kaniya ni Musisi.

Tanong 5. Nakibahagi ba sa pagkain si Kibuka sa karne ng kaniyang alagang baboy? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Kinuha ni Miriamu ang pata ng baboy at ang interes naman ni Yosefu ay ang mga detalye ng aksidenteng naranasan ni Kibuka. Pinilit ni Yosefu at Miriamu na mananghalian sa kanila ang dalawa.

Ngunit kailangang dumalo sa isang pulong ni Musisi sa Mmengo, kaya si Kibuka na lamang ang iniwan. Maraming napag-usapan sina Kibuka at Yosefu. Matagal silang hindi nagkita kaya magiging masarap ang pagkain nila ng pananghalian.

“Talagang napakahusay mong magluto, Miriamu,” wika ni Kibuka habang naglalagay ng maraming pagkain sa kaniyang pinggan.”

“Napakalambot ng karne ng baboy na iyon na parang isang manok at napakasarap pa,” pahayag naman ni Miriamu. May ilang sandali na nalulungkot siya sapagkat alam niya na karne ito ng mahal niyang alaga at masaya niyang kinakain ito. Ngunit sandali lamang ito at patuloy pa rin niyang nilalagyan ng karne ang kaniyang pinggan. Natatawa siya sa sarili at alam niya na hindi na siya maglalakad tuwing hapon at sa halip makakatulog na siya nang maayos.

Kimenye, Barbara, Ang Alaga-Ang Maikling Kuwento Mula Sa East Africa salin sa Filipino ni Prof. Magdalena O. Jocson, Department of Education, Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. Deped IMCS, Pasig, First Edition, 2015

*Ngayong nabasa mo na ang akda, balikan mong muli ang iyong sagot sa **Tuklasin Gawain 2, kolum 3** at suriin kung wasto ang iyong hinuha.*

Ngayon nama'y ating palawakin ang iyong kasanayan sa talasalitaan.

PAGPAPAUNLAD NG TALASALITAAN.

ANALOHIIYA: Suriing mabuti ang pares ng mga salita. Tumbasan ng angkop na salita ang patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel


1. Punongkahoy : tula ; Ang Alaga: _____
2. kusa: boluntaryo ; tanggapan : _____
3. kalmado : mahinahon ; nalaman: _____
4. nawalan ng malay : nahimatay ; nabundol : _____
5. aso: tuta ; baboy : _____



Suriin

Ngayong nabasa mo na ang ating teksto, naniniwala akong masasagutan mo na ang mga pagsasanay na inihanda para sa iyo. Handa ka na ba?

1. Kilalanin ang pangunahing tauhan sa akdang “Ang Alaga.” Itala ang kaniyang kalakasan at kahinaan sa sagutang papel.



2. Batay sa mga pangyayaring naganap sa akda, paano pinahalagahan ang isang alagang hayop? Isulat sa sagutang papel ang sagot.

Alam Mo Ba?

Ang **maikling kuwento** ay masining na akdang nilikha upang mabisang maikintal sa isip at damdamin ng mambabasa ang isang pangyayari tungkol sa buhay ng tauhan, lugar o mahahalagang kaganapan. Taglay nito ang pagkakaroon ng:

1. may iisang kakintalan;
2. may isang pangunahing tauhang may mahalagang suliraning kailangang bigyan ng solusyon;
3. tumatalakay sa isang madulang bahagi ng buhay;

4. may mahalagang tagpuan

5. may kawilihan hanggang sa kasukdulan na agad susundan ng wakas.

*Isa sa mga uri ng maikling kuwento ay ang **kuwento ng tauhan** na ang binibigyang diin ay ang ugali o katangian ng tauhan. Ang maikling kuwento na iyong binasa ay nakatuon sa katangian ng tauhan. Ang tauhan sa akda ay kumikilos ayon sa kaniyang paligid.*


Dumako na tayo sa pagpapayamang muli ng iyong kaisipan.



Pagyamanin

Natitiyak kong madali mo na lamang nauunawaan ang ating paksa dahil sa mga gawaing patuloy na lumilina sa iyong kasanayan. Palalimin pa ang iyong pang-unawa sa aralin batay sa sumusunod na katanungan. Ipagpatuloy ang gawain.

1. Ibigay ang naidudulot o kahalagahan ng akdang “Ang Alaga” sa pansarili, panlipunan at pandaigdig na pamumuhay. Gamitin ang grapikong representasyon sa pagpapahayag ng iyong kaisipan. Irekord ang sagot at iparinig sa guro sa kaniyang messenger.



A. **Pansarili**- Ipahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akdang binasa sa pamamagitan ng monologo.

RUBRIK sa Monologo

- | | |
|---|-------------|
| 1. Pagpapalutang ng diwa at pagbibigay-diin sa damdamin | - 10 puntos |
| 2. Personalidad, ekspresiyon, kilos o galaw | - 5 puntos |
| 3. Tinig- lakas, taginting | - 5 puntos |

B. **Panlipunan**- Sa pamamagitan ng Spoken Word Poetry, ipahayag ang iyong damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akdang binasa.

RUBRIK sa Spoken Word Poetry

- | | |
|---|-------------|
| 1. Kakayahang maipahayag ang mga kaisipan at tema | - 10 puntos |
| 2. Tono at Lakas ng boses | - 5 puntos |
| 3. Wastong bigkas ng mga salita | - 5 puntos |

C. **Daigdig**- Sa pamamagitan ng Pagbabalitang Panradyo, ipahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akdang binasa.

RUBRIK sa Pagbabalita


- | | |
|----------------------------|-----------|
| 1. Pagtatanghal (3 minuto) | -5 puntos |
| 2. Boses | -5 puntos |
| 3. salitang ginamit | -5 puntos |

Paksa ng pagbabalita:

Dapat bang gawing pagkain ang hayop na matagal mong inalagaan?

Alin ang dapat unahin, pangangalaga sa tao o pangangalaga sa mga hayop?

Magaling! Ang husay ng ginawa mong pagpapahayag ng iyong damdamin at saloobin tungkol sa akdang tinalakay.. Natitiyak kong handang-handa ka na ring maisagawa ang mga kasunod na tanong.




Isaisip

Sa pagkakataong ito, masusubukan naman ang iyong galing sa pag-uugnay.


Gawain 1: Pag-uugnay

Panuto: Basahin at unawain ang mga gawain sa ibaba.

1. Kapanayamin ang miyembro ng pamilya tungkol sa suliranin ng pag-aalaga ng hayop. Isulat ang mga nakalap na kasugatan sa sagutang papel.
2. Panoorin at pakinggang mabuti ang video sa Youtube tungkol sa Animal Welfare Act.



Pagkatapos mapanood at mapakinggan ang video, isulat ang mga pandaigdigang suliranin na may pagkakatulad sa binasang akda.



3. Paano nakatutulong ang maikling kuwento sa pagkakaroon ng kamalayan sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan? Isulat sa sagutang papel.

Panitikang Persia:

Digmaan at Kapayapaan
Isinalin ni: Dr. Joel C. Malabanan


Ang kapayapaan.....
ay walang inang
may suot na hijab sa takipsilim
maghahanap sa eskinita
titingkayad at mag-aabang
sa pangungulila sa anak
na sa halip habulin ang bola
ay tumalon sa mina...
Siya ay may dalawang mga mata ng asul na dagat
Kami rin na nag-isip na manalo
maaaring uminom ng kanilang tubig
sa gitna ng disyerto ng Karbala
Kami na nakapuntos ng maraming mga layunin ay walang maghagis upang
maglaro
ni kahit na mga bota kung saan kukunan
hindi kahit isang bola o isang kaibigan
Gayunpaman
maaari pa rin tayong maglaro ng sarili natin
sa haggis ng isang laban na walang bola
Sa mga oras na mataas tayo nang walang haggis
hindi bababa sa kami ay gumala sa mga eskinita at bang may isang tao
ano ngayon?!

Kapag lumala ang giyera
may sugat itong mga mata
pula sa mukha
at kami na pinakilos
pagsamahin ang mayroon tayo
upang makasama ang isang plastik na bola
upang tumakbo pagkatapos
Tapos
Isa-isa kaming nagsama sa disyerto ng Karbala
at inayos upang maglaro ng anim sa isang tabi
pagkatapos ay may agahan at ang tren at ang banig at nagpaalam
Pagdating namin
Mayroon kaming isang kanyong bola sa likod ng bawat hinukay
Sa pagitan ng dalawang layunin ang laro ay panghimpapawid
kung sino man ang pinakamabilis na tumakbo sa pinakamabilis na layunin
Muli kaming walang haggis ngunit mga mina sa ilalim ng lupa
hangga't gusto mo at magkaroon ng puntos ang aming mga paa
sa halip na bola.

4. Ang isyu sa akdang Digmaan at Kapayapaan ay ang digmaang nagaganap sa Iran. Paano mo ito iugnay sa labanan ng mga Muslim at Kristiyano sa Pilipinas? Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Abdolrezaei, Ali. War and Peace .Digmaan at Kapayapaan:Panitikang Persia. Poetry International Archive, <https://www.poetryinternational.org/pi/poem/29344/anto/0/0/Ali-Abdolrezaei/War-Peace/en/tile> Publisher: London Skool, 2012, London 1477630724



Isagawa

Napaunlad ba ang iyong kakayahan at kasanayan sa pagpapahayag ng iyong kaisipan sa mga nauna mong gawain? Alam kong ginawa mo ang lahat ng iyong makakaya para masagutan ang mga ito. Isakatuparan ang sumusunod na gawain na magsisilbing gabay para sa ikauunlad ng aralin.

5. Naibigan mo ba ang wakas ng akda? Kung ikaw ang may-akda, paano mo ito wawakasan? Isalaysay at isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahusay! Binabati kita sa naging matagumpay mong pagsagot sa mga tanong na sumubok sa antas ng iyong pag-unawa.

Aralin**5.2****Wika at Gramatika:
Mga Pahayag sa Pagsasaad ng
Opinyon****Balikan**

Magandang araw sa iyo aking mag-aaral. Ngayon nama'y ilapat natin ang iyong napag-aralang paksa sa panitikan tungo sa araling Gramatika at Retorika.

Gawain 1: Makatotohanan ba o Di-Makatotohanan?

Panuto: Balikan ang tekstong “Ang Alaga” at pumili ng sampung (10) mga pangyayari mula rito at tukuyin kung ang mga ito ay makatotohanan o di-makatotohanan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mga Pangyayari sa akda	Makatotohanan	Di-makatotohanan
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		
6.		
7.		
8.		
9.		
10.		

Magaling, binabati kita! Simula pa lamang ng gawain ay ipinamalas mo na ang iyong kahusayan sa pang-unawa sa nakaraang aralin. Ngayon naman ay mas lalo pa nating linangin ang iyong kakayahan sa babasahing akda.



Tuklasin

Sa pagkakataong ito, basahin mo ang kasunod na teksto na nagsasalaysay ng mga katangian ng isang ulirang ina na maaari mo ring iugnay sa mga katangian ng iyong sariling ina.

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang teksto. Bigyang-pansin ang mga salitang may salungguhit.

GLORIA B. SANCHEZ,

ULIRANG INA!



Maalalahanin, mapagpakumbaba, mapagmahal, maasikaso at higit sa lahat may takot sa Diyos, iyan ang aking pinakamamahal na ina. Lahat ay gagawin para sa aming magkakapatid. Sa tingin ko nga, mas mahal pa niya kami kaysa kaniyang sarili. Nang pumanaw na ang aming ama, walang araw na hindi kami nag-aalala sa kaniya. Inaakala ko na manghihina siya sa pisikal na pangangatawan at buhay espiritwal subalit lalo siyang naging matatag at nanatiling nananalig sa Diyos. Sa paniniwala ng aking mga kapatid

lalo pa nga siyang tumatag at lumakas ang loob, iyon ay para patuloy niya kaming magabayan. Sa ganang akin, wala nang hihigit pa sa kadakilaan ng aking ina.

Tiyak kong naibigan mo ang ating teksto dahil tinalakay dito ang tungkol sa isang ina. Alam kong mahal na mahal mo rin ang iyong ina at magiging madali na lamang ang iyong pagsagot sa sumusunod na mga gawain.



Suriin

Alam Mo Ba?

Ang mga salita o pahayag na naglalahad ng opinyon ay mahalagang maunawaan natin. Layunin nitong ipahiwatig ang ipinahahayag ng ating kausap o ng mambabasa.


Mga Salitang Nagpapakilala ng Pagsasaad ng Opinyon.

- sa palagay ko
- ipinahihiwatig sa kaniyang sinabi
- batay sa aking paniniwala
- sa tingin ko
- maaaring
- baka
- siguro


Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ilarawan ang katangian ng ina batay sa tekstong binasa. Isulat sa unang tala ang katangian ng ina sa binasang teksto at sa pangalawang tala, isulat ang katangian ng iyong ina. Gamitin ang mga salitang nagpapakilala ng pagsasaad ng opinyon. Gayahin ang pormat ng grapikong organayser sa iyong sagutang papel.

Paglalarawan ng Ina sa Teksto




Paglalarawan ng Iyong Ina



Pagkakatulad

Pagkakaiba

Mahusay ang paglalarawang ginawa mo. Napakadali ng gawain di ba? Ngayon, muli kang magpatuloy sa pagsagot sa mga gawaing inihanda sa modyul na ito.



Pagyamanin

Ito na ang iyong pagkakataong iparating sa iyong ina kung gaano mo siya kamahal at pinapahalagahan. Maaari mo na ring gamitin dito ang mga hudyat na nagpapakilala ng pagsasaad ng opinyon.

Panuto: Sumulat ng liham sa iyong ina na nagpapahayag ng iyong damdamin, paghanga at pagmamahal sa kaniya. Gawin ito sa sagutang papel.

RUBRIK sa Pagsulat ng Liham:

- | |
|-------------------------------------|
| 1. Organisasyon ---- 10 puntos |
| 2. Nilalaman ----- 10 puntos |
| 3. Kaugnayan sa Tema ---- 10 puntos |

Halimbawa ng Liham

*Purok 1, Santiago Norte,
Lungsod ng San Fernando,
La Union
Hunyo 10, 2020*

Mahal kong ina,

Magandang araw!

Ikinalulugod kong ipaabot sa pamamagitan ng liham na ito kung gaano ako nagpapasalamat sa lahat ng sakripisyo na iyong ibinigay sa akin sa kabila ng pagiging pasaway ko minsan. Tunay na biyaya kang ipinagkaloob sa amin ng ating Panginoon. Maraming salamat sa lahat ng pag-aaruga at pag-iintindi sa aming kakulangan. Dalangin ko sa ating Diyos na Dakila na pagpalain ka pa nawa ng mahabang buhay at pagkalooban ng malusog na pangangatawan.

Pangako po na nandito lang ako lagi sa iyong tabi at ako naman ang magsisilbi mong gabay sa iyong pagtanda katulad ng ginawa mong paggabay noong ako ay bata pa lamang.

Mama, isa kang inspirasyon sa aking buhay at ikaw ang dahilan kung bakit ko kinakaya ang lahat ng pagsubok na dumarating. Kailanman ay hinding-hindi ako magsasawang sabihin sa iyo na mahal na mahal kita, mama!

*Lubos na nagmamahal,
Wilma*

Ikinagagalak ko ang ginawa mong awtput para sa iyong ina. Sadyang kahanga-hanga. Napakabuti mong anak.



Isaisip


Sa pagkakataong ito ay iyo namang ilapat sa iba pang pagsasanay ang mga napag-aralan mo tungkol sa gramatika at retorika.

Panuto: Bumuo ng pangungusap gamit ang mga pahayag na naglalahad ng opinyon batay sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Matagumpay na pamimigay ng mga Punong barangay at alkalde ng mga ayuda sa panahon ng krisis

2. Masigla at malalagong halaman sa bulubundundukin ng Pilipinas

Ang husay ng ginawa mo. Nagpapatunay itong naintindihan mo ang aralin tungkol sa paglalahad ng iyong opinyon.



Isagawa


Ngayon nama'y masusubok ang iyong galing sa iba pang mga gawain. Ihanda mo na ang iyong papel at panulat para dito.

Layunin ng bahaging ito na mailapat mo ang mga konseptong natutuhan sa mga araling tinalakay. Balikan ang impormasyon tungkol sa patalastas.

PATALASTAS

Ang **patalastas** ay maaaring pasalita at pasulat. Ang pagsasahimpapawid ay ginagamit sa pagbibigay ng patalastas sa paraang pasalita tulad ng ginagawa sa radyo at telebisyon. Ipinakikita rito ang mga produktong maaaring magustuhan ng mga tao o kaya'y mga paligsahang ipinabatid sa publiko. Sa paraang pasulat ay maaari itong ipakita o ilathala sa pahayagan, *billboards*, *poster* at magasin. Nakalimbag dito ang nais ipaanunsyong mga gawain o hanapbuhay na kailangan ng isang tao o kompanya; mga larawan o hitsura't katangian ng produkto o kaya'y panawagan para sa mga magnanais lumahok sa paligsahan.

Basahin ang isang halimbawa ng patalastas.



Oh, Kaibigan! Ano pa ang hinihintay mo? Dalhin na ang buong pamilya, barkada at taong espesyal sa puso mo. Halina't maranasan ang kaginhawahan sa **HALINA RESORT!**

Lumayo mula sa lahat ng pagmamadali at kaguluhan. Masisiyahan sa pagiging kaakit-akit ng lugar na may masasayahin at magigiliw na empleyado.

Ang *eco-friendly resort* na may lawak na dalawang ektarya ay nag-aalok ng maraming bakanteng lugar para makapagsarili dahil mayroon itong limang eksklusibong *cottages* na gawa sa materyales na may katutubong estilo at disenyo.

Gamit ay *solar energy* para makapagbigay ng sariwang tubig sa mga kliyente.

Ipinagmamalaki rin dito ang mga prutas at gulay na nagmumula sa sariling bakuran at garantisadong 100% organiko ang mga ito.

Pati ang mga isda at pagkaing-dagat ay sariwang-sariwa. Abot kaya ang presyo at tiyak na SWAK na SWAK sa inyong badyet.

KAYA HALINA, HUWAG NANG MAGPAHULI,

HALINA RESORT, ang sagot sa hanap mo!

Basahin nang may pang-unawa ang sitwasyon sa ibaba upang maisagawa ang gawain sa hiwalay na sagutang papel.

Nalalapit ang kapistahan ng inyong Barangay at bilang Pangulo ng inyong organisasyong **Kabataang Kaakibat ng Barangay (KAKABA)**, naatasan kang magbigay ng impormasyon o ipaalam sa inyong kabarangay ang nalalapit na okasyon upang magkaroon ng kamalayan ang ibang tao rito lalo na sa mga turista. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng patalastas na pasalita.

Ang magiging panauhin na magtataya ng iyong ginawa ay ang inyong Punong Barangay at dalawang Kagawad. Tatayain nila ang iyong ginawa batay sa sumusunod na pamantayan:

PATALASTAS


RUBRIKS SA PAGGAWA NG PATALASTAS NA PASULAT

MGA PAMANTAYAN:	5	4	3	2	1
A. Makatotohanan					
B. Masining					
C. Sapat na Kaalaman sa Paksa					
D. Maayos na Pagkakalahad ng impormasyon					

GABAY SA PAGMAMARKA

17-20.....NAPAKAHUSAY
 13-16..... MAHUSAY
 10-12..... KATAMTAMANG HUSAY
 5-9 MAY HUSAY SUBALIT KAILANGANG
 DAGDAGAN PA ANG SIKAP

Binabati kita! Napakahusay ng ipinamalas mong kasanayan sa paggawa ng patalastas.



Tayahin

Nawili ka ba sa pagsagot sa mga naunang gawain? Alam kong ginawa mo ang lahat ng iyong makakaya para masagutan ang mga ito. Ngayon nama'y muling masusubok ang lahat ng iyong nalalaman tungkol sa ating paksa sa panitikan at gramatika.

PANGHULING PAGTATAYA

Panuto: Sagutin ang mga tanong upang matiyak kung naunawaan mo ang mahalagang konsepto ng aralin. Isulat ang napiling letra sa sagutang papel.


1. Ang akdang, "Ang Alaga" ay isang uri ng tekstong _____.
A. naglalahad
B. nagsasalaysay
C. nagbabalita
D. naglalarawan
2. Ang sumusunod ay mga salitang nagsasaad ng opinyon maliban sa _____.
A. maaaring
B. magmadali ka
C. sa tingin ko
D. batay sa aking paniniwala
3. Anong pagsasaad ng opinyon ang angkop at pupuno sa pangungusap na, "_____, mas mainam na manatili sa loob ng bahay kung hindi naman gaanong mahalaga ang lalakaran sa labas sa mga panahong ito ng pandemya ng Covid 19."
A. Makinig kayo
B. Sa palagay ko
C. Huwag
D. Pinapangunahan niya
4. Saang bansa nagmula ang akdang "Ang Alaga"?
A. Kanlurang Aprika
B. Timog Aprika
C. Hilagang Amerika
D. Silangang Aprika

Para sa bilang na 5-8 basahin ang talata sa ibaba.

Sa tingin ko nga, mas mahal pa niya kami kaysa kaniyang sarili. Nang mawala ang aming ama, ganoon na lamang ang pag-aalala namin sa kaniya. Inaakala ko na manghihina ang kaniyang katawang pisikal at espiritwal subalit nananatili siyang matatag at nakakapit sa Diyos.

5. Anong damdamin ang namamayani sa nagsasalaysay sa talata?
A. pagkalungkot
B. pagkabalisa
C. paghinanakit
D. panghihinayang
6. Ano ang ipinahihiwatig ng pangungusap na *Sa tingin ko nga, mas mahal pa niya kami kaysa sa kaniyang sarili?*
A. Gagawin ng magulang ang lahat para sa mga anak.
B. Alam ng magulang kung ano ang makabubuti sa mga anak.
C. Ibibigay ng magulang ang mga pangangailangan ng mga anak
D. Ibinibigay ng magulang ang mga luho ng anak para sa sarili nitong kapakanan.
7. Anong uri ng ina ang masasalamang sa talata?
A. malungkutin subalit matatag
B. nangungunsinti sa kakulangan ng mga anak
C. mapagbigay para sa pangangailangang pisikal ng mga anak
D. inang mapagmahal sa mga anak at nagpapahalaga sa Diyos


8. Ano ang maaaring maging bunga ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos ng isang ina?
 - A. katatagan ng buong pamilya
 - B. panghihina ng espiritwal na aspekto
 - C. pamumuhay ng masaganang materyal
 - D. maraming pagsubok sa bawat miyembro ng pamilya
9. Taglay ng maikling kuwento ang pagkakaroon ng ~~may~~ kawilihan hanggang sa kasukdulan na agad na susundan ng _____.
 - A. wakas
 - B. kakalasan
 - C. kasukdulan
 - D. suliranin
10. Sino ang binabanggit sa pahayag na, “Natatawa siya sa sarili at alam niya na hindi na siya maglalakad tuwing hapon at sa halip makatutulog na siya nang maayos.”?
 - A. apo
 - B. Kibuka
 - C. Miriamu
 - D. Yosefu




Karagdagang Gawain

Binabati kita dahil narating mo ang bahaging ito ng modyul. Matagumpay mong naisagawa ang lahat ng pagsasanay at bago matapos ang modyul na ito, narito pa ang huling pagsasanay na inihanda upang lalong matiyak ang iyong husay sa pang-unawa sa aralin.

Panuto: Sagutin ang panghuling gawain sa ibaba. Gamitin ang grapikong presentasyon sa ibaba. Sagutin sa sagutang papel sa pamamagitan ng buong pangungusap.



*NAPAKAHUSAY! Binabati kita at matagumpay mong natapos ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari mo nang isabuhay ang lahat ng iyong natutuhan. Nakita ko ang iyong dedikasyon sa pagsagot sa mga naging gawain at inaasahan kong iyong ipagpapatuloy sa susunod na aralin- **Talumpati mula sa Timog Aprika.***



Susi sa Pagwawasto

ISAISIP, GAWAIN 1. Pag-uugnay

1
2
3
4

Nasa guro ang pagpapasya ng mga sagot.

PAGYAMANIN.

A
B
C

Nasa guro ang pagpapasya ng mga sagot.

SURIIN . KALAKASAN AT KAHINAAN

Nasa guro ang pagpapasya ng mga sagot.

ANALOHYA

1. Maikling kuwento
2. opisina
3. natanto
4. nasagasaan
5. biik

TUKLASIN GAWAIN 1 Palagay , Ilahad Mo!

1. Ayon kay/sa, sa tingin ko, tunay na, naninwala akong,
batay sa/kay, kung ako ang tatanungin
2. Upang magkaroon ng mas mabigat na ebidensya
(makatotohanan) at maging mas malinaw ang pagpapahayag

ISAGAWA

5 Marami ang maaring sagot ng mag-aaral.

BALIKAN- GAWAIN 1

1. 6.
2. 7.
3. 8.
4. 9.
5. 10.

SUBUKIN: 5.1

1. A
2. A
3. D
4. B
5. C
6. C
7. D
8. B
9. D
10. A

TAYAHIN / PANGHULING PAGTATAYA

1. A
2. B
3. B
4. D
5. A
6. A
7. D
8. A
9. B
10. B

KARAGDAGANG GAWAIN

- Nasa guro ang pagpapasya ng kasagutan ng mag-aaral

PAGYAMANIN

- Pagsulat ng Liham

ISAGAWA

- Susuriin ng guro ang ng kasagutan ngmag-aaral ayon sa Rubriks sa paggawa ng patalastas.

5.2 BALIKAN

GAWAIN 1:

Makatotohanan ba o Di Makatotohan? - Nasa guro ang pagpapasya

SURIIN 1

Paglalarawan ng Ina sa Teksto vs Paglalarawan ng Iyong Ina - Nasa guro ang pagpapasya

Sanggunian

Websites

<https://Panitikan.com.ph>

<https://tagaloglang.ph>

philnews.ph/2019/12/30/ang-buod-ng-kuwentong-ang-alaga-ni-Barbara-kimenya/

<https://www.poetryinternational.org/pi/poem/29344/auto/0/0/Ali-Abdolrezaei/War-Peace/en/tile>. May 7, 2021

Mga Aklat

Ambat, Vilma C., et. al., Panitikang Pandaigdig-Modyul 10, Pasig City: Vibal Group Inc., 2015

Dayag, Alma M., del Rosario, Mary Grace G. Pinagyamang Pluma, Phoenix publishing House Inc. 2017

Kimenye, Barbara, Ang Alaga-Ang Maikling Kuwento Mula Sa East Africa salin sa Filipino ni Prof. Magdalena O. Jocson, Department of Education, Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. Deped IMCS, Pasig, First Edition, 2015, May 7, 2021

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph